KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-153

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGTATATAG O PAGLIKHA NG MUNICIPAL REGISTRATION COMMITTEE (MRC) ANG PAGLALAAN NG HALAGANG P172,500.00 PARA DITO.

**********************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

**********************************************************

SAPAGKAT, sa Seksiyon 17 ng R.A. 7279, na kilala bilang Urban Development & Housing Act (UDHA) at ng Implementing Rules and Regulations nito at ng Presidential Proclamation 397 na inaatasan ang mga yunit ng Pamahalaang Lokal na magsagawa ng pagtatatak (registration) ng mga potensiyal na benepisyaryo ng socialized housing;

SAPAGKAT, ang pagsasagawa ng nasabing pagtatatala ay kinakailangan upang maisakatuparan ang pagpapatupad ng Urban Development and Housing Act tungo sa ikauunlad ng katayuan ng ating mga walang tahanan at mga kapos-palad na kababayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli:

1. Na bigyang kapangyarihan ang Punongbayan na buuin ang Municipal Registration Committee at italaga ang mga miyembro nito, na may unawaan na matapos matatag ang MRC ay isasakatuparan ang pagbubuo o komposisyon nito, at ang pagkakaloob ng pagtuturo o oryentasyon para sa Barangay Registration Committee (BRC);

2. Sa layuning ito, ang halagang P172,500.00 ay inilalaan bilang tulong para sa mga gastusin sa pagsasagawa ng pagtatala, kasama ang mga allowances at honoraria ng mga miyembro at volunteers ng Municipal Registration Committee; at

3. Na ang pagpapadala ng mga sipi ng Kapasiyahang ito sa Tanggapan ng Kagalang-galang na Punongbayan para sa pagpapatibay at pagpapatupad; at sa Department of Interior and Local Government (DILG) at sa Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP) para sa kanilang inpormasyon.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bayan Bilang 94-153

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-93rd Regular na Pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan